


PAGKILALA AT PAGTUGON SA MGA SAGOT AT GAWA NG DIYOS

1. Ano talaga ang gusto mong mangyari sa iyong buhay Cristiano?
2. Ano ang inaasahan mong magsasalarawan sa isang pamumuhay kasama ang Diyos?
3. Ano ang dapat mong nararanasan sa iyong buhay-panalangin?



Ang buhay at masiglang buhay-panalangin ay nakakakilala sa mga ginagawa at pagsagot ng Diyos.

1. Maraming mga karakter sa Biblia ang kakikitaan natin ng katibayan na nakikilala nila ang pagkilos ng Diyos. Halimbawa: si Jesus, si Pedro sa Gawa, si Solomon sa paghahandog ng templo, si Pablo sa pagtawag sa Macedonia, si Abraham sa Genesis 22, at marami pang iba. Malinaw at tiyak ang pagkakakilala nila sa ginagawa ng Diyos at alam nila kung sumasagot ang Diyos sa kanilang mga panalangin.
2. Nais ng Diyos na maging ganito din ang pagkakakilala mo sa kanyang mga ginagawa. Kung hindi mo nalalaman kung kailan may sinasabi ang Diyos sa iyo, ano sa tingin mo ang kahihinatnan ng iyong buhay-panalangin? Paano ka gagamitin ng Diyos kung hindi mo alam na kumikilos siya sa buhay mo?

Paano nila nakikilala ang mga gawa ng Diyos?

1. *Hinahanap nila ang Diyos.* Isang bagay lang ang pinakananais ni David at ito'y hinahanap-hanap niya (Psalm 27:4). Ang unang mga salitang naitalang sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad ay, "Ano ang inyong hinahanap?" (John 1:38, Ang Biblia). Gusto niyang malaman kung ano ang hinahanap nila sa kanilang buhay.
2. *Inaasahan nilang siya'y kumikilos sa buhay nila at sumasagot sa kanilang panalangin.* Alam ng mga apostol sa aklat ng Gawa na idinaraan sila ng Diyos sa isang proseso upang baguhin ang mundo. Ito ang naging dahilan kung bakit nakabaling ang kanilang puso upang hanapin ang mga ginagawa ng Diyos at asahang sasagot ang Diyos. Dapat ganoon din ang inaasahan nating gagawin ng Diyos dahil siya rin ay kumikilos sa atin.
3. *Iniuugnay nila ang kanilang panalangin sa sagot ng Diyos.* Halimbawa, nang tumakas si David mula kay Absalom, hiniling niya sa Diyos na gapiin ang payo ng kanyang tagapayong si Ahitophel, na siya namang ginawa ng Diyos (2 Sam. 15:31-34; 16:20-17:14). Nakikita mo bang si Hushai (Cusai) ang sagot ng Diyos sa panalangin ni David? Maraming beses na nananalangin tayo ngunit hindi naman natin ito iniuugnay sa sagot niya.
4. *Agad silang tumutugon sa pagkilos ng Diyos.* Bihirang sumagot ang Diyos sa pamamagitan ng paggawa ng lahat ng bagay para sa iyo. Bilang sagot, ipinadala ng Diyos si Hushai. Ngunit kailangang tumugon si David sa pamamagitan ng pagpapadala ni Hushai kay Absalom. Ang lingkod ni Abraham ay kailangang tumugon sa sagot ng Diyos sa pamamagitan ng pagpapahayag ng kanyang intensiyon kay Rebekah (Gen. 24:21-27). Dapat din tayong tumugon. Kadalasan, hindi nakukumpleto ang sagot ng Diyos hangga't wala tayong pagtugon.

Focusing on God: Dinadala tayo ng Diyos sa isang lugar na nais niya para sa atin. Ang tungkulin natin ay matutunan ang kanyang mga pamamaraan upang makilala natin ang kanyang pagkilos.



- Ano ang nakikita mong ginagawa ng Diyos sa pag-aanyaya sa iyo tungo sa isang malapit na relasyon sa kanya?
- Anong isang malinaw na gawain ang ipinapakita niya sa iyo tungkol sa pakikibahagi sa kanyang ginagawa sa paligid natin?

Responding to God: Pasalamatang ang Diyos dahil nakikita nating siya'y tunay na Diyos at dahil nais niyang tayo'y magkaroon ng malapit at mainit na ugnayan sa kanya.



Kingdom Prayer List

1. Ipanalangin ang isa't isa – mga espirituwal na pagpapala sa bawat isa at sa mga kapatid natin sa iglesia.
2. Ipanalangin na magkaroon ng revival sa pananampalataya ang mga kapatid nating nanlalamig.
3. Ipanalangin na ipakita ng Diyos ang isang tiyak na bagay na gusto niyang gawin natin para sa ating paligid at buksan ng Diyos ang mga opportunities upang maibahagi ang Mabuting Balita.

